

Mga Karapatan ng Manggagawa

Alam ba ninyo na sa Manitoba at sa buong Canada, ang bawat manggagawa ay may tatlong karapatan pagdating sa kaligtasan sa lugar ng trabaho? Ang mga karapatang iyon ay kasama sa The Manitoba Workplace Safety and Health Act at Canada Labour Code Part II, ngunit ano ang ibig sabihin ng bawa't isa sa mga iyon sa mga employer?

Alam ba ninyo na sa Manitoba at sa buong Canada, ang bawat manggagawa ay may tatlong karapatan pagdating sa kaligtasan sa lugar ng trabaho? Ang mga karapatang iyon, na kasama sa The Workplace Safety and Health Act at Canada Labour Code Part II, ay kinabibilangan

- Ang karapatang malaman,
- Ang karapatang lumahok, at
- Ang karapatang tumanggi.
- Sa Manitoba, mayroon ding pang-apat na karapatan ang mga manggagawa: ang karapatang maprotektahan mula sa paghihiganti.

Ngunit ano ang ibig sabihin ng bawa't isa sa mga iyon sa mga employer?

Ang Karapatang Malaman

Ang karapatang malaman ay nangangahulugan na bilang manggagawa, may karapatan kayong ipaalam sa inyo ng employer ang alam o malamang na mga panganib sa lugar ng trabaho, at mabigyan ng impormasyon, mga instruksyon, edukasyon, training, at pagsubaybay na kinakailangan para maprotektahan ang inyong kalusugan at kaligtasan. Dapat ibigay ang impormasyong ito bago magsimula ang trabaho.



Bilang partikular, ang karapatang malaman ay tumutukoy sa kinakailangang impormasyon na posibleng makaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao sa lugar ng trabaho, o anumang impormasyon na kinakailangan para matukoy at makontrol ang mga posibleng panganib sa lugar ng trabaho

([MB Workplace Safety & Health Act, Seksyon 7.5](#); tingnan din ang [Employer's Duty tungkol sa: training](#)). Sa madaling salita, nangangahulugan ito na may karapatan ang inyong mga empleyado at contractor na malaman ang tungkol sa mga panganib sa lugar ng trabaho. Ang tamang training at mga mapagkukunan – tulad ng WHMIS at TDG training, training tungkol sa oras ng serbisyo – ay nakakatugon sa karapatang malaman ng mga manggagawa. Ang mga pagsiyasat sa araw-araw na biyahe ay isa pang paraan para matukoy ang mga panganib. Malalaman ng mga empleyadong kukuha ng training na ito/gagamitin ang mga mapagkukunan na ito ang tungkol sa mga posibleng panganib na nauugnay sa trabaho na ginagawa nila at maaari silang makapaghanda nang maayos para sa trabaho.

Ang isa sa paraan na maaari ninyong maihanda ang inyong lugar ng trabaho para matugunan ang karapatan ng manggagawa na ito ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri ng panganib sa trabaho. Ang pagsusuri ng panganib sa trabaho ay isinasagawa ng mga employer, supervisor, manggagawa, at mga komite. Ito ay sistematikong proseso ng pagsukat ng posibleng peligro sa panganib bago ito magdulot ng pinsala sa isang manggagawa o pinsala sa ari-arian. Kapag nagsasagawa ng pagsusuri ng panganib sa trabaho (job hazard analysis, JHA), hinahati ang mga panganib sa limang kategorya (ang mga panganib na ito ay maaaring pisikal, musculoskeletal, kemikal/mineral, biyolohikal, o pangkaisipan) na maaaring magdulot ng pinsala o ng hindi magandang mga epekto sa kalusugan.

Ang Karapatang Lumahok

Gaya ng alam ninyo, dapat magpatupad ng mga komite sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho sa lahat ng lugar ng trabaho na may mahigit sa 20 empleyado. Ang mas maliit na mga organisasyon, na may 19 o mas kaunting empleyado ay kinakailangang magkaroon ng kinatawan sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho ([MB Workplace Safety & Health Act, Seksyon 40](#)). Ang karapatang lumahok ay nangangahulugan na may karapatan ang mga manggagawa na makibahagi sa mga tungkulin na ito. Nangangahulugan din ito na ang mga manggagawang gagampanan ang mga tungkulin na iyon ay dapat bigyan ng oras para magampanan ang kanilang mga tungkulin bilang komite/kinatawan. May karapatan din ang mga miyembro at kinatawan ng komite na mag-ulat ng mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan, pati rin ang gumawa ng mga mungkahi sa employer tungkol sa kung paano mapapahusay ang kaligtasan sa lugar ng trabaho.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

Mga Karapatan ng Manggagawa

Alam ba ninyo na sa Manitoba at sa buong Canada, ang bawat manggagawa ay may tatlong karapatan pagdating sa kaligtasan sa lugar ng trabaho? Ang mga karapatang iyon ay kasama sa The Manitoba Workplace Safety and Health Act at Canada Labour Code Part II, ngunit ano ang ibig sabihin ng bawa't isa sa mga iyon sa mga employer?

Ang Karapatang Tumanggi

Kung titingnan ang karapatang tumanggi kaugnay sa kaligtasan, nangangahulugan ito na ang isang manggagawa ay “naniniwala nang may makatwirang mga dahilan na ang trabaho ay magreresulta sa panganib sa kanyang kaligtasan o kalusugan o sa kaligtasan o kalusugan ng isa pang manggagawa o isa pang tao.” ([MB Workplace Safety and Health Act, Seksyon 43](#)). Titiyakin ng isang magandang programa sa kaligtasan at kalusugan na sinanay mabuti at nabigyan ng kaalaman ang mga manggagawa, at tutugunan ng mga komite at kinatawan sa kalusugan at kaligtasan ang mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan. Ibig sabihin nito, ang mga manggagawa ay malamang hindi masyadong mangangailangang gamitin ang kanilang karapatang tumanggi. Gayunpaman, magkakaroon ng mga pagkakataon kung saan ang isang manggagawa ay maaaring kailanganing gamitin ang kanyang karapatang tumanggi. Hindi ito nagagawa nang madali at kinabibilangan ito ng maraming hakbang.

Sa industriya ng nagmamaneho ng truck, ang mga driver ay palaging nagsasagawa ng mga pagsusuri ng panganib: may oras ba ako para makumpleto nang ligtas ang biyaheng ito? Na-secure ba nang maayos ang load na ito? Makakadaan ba ako sa Kemnay Bridge? (ang sagot ay kadalasang hindi sa huling tanong). Kung matutukoy ng driver ang panganib, napakadalas maaaring gumawa ng solusyon (halimbawa, pagtatalaga ng driver na may sapat na oras para sa itinalagang load, muling paggawa ng load). Ang pagtanggap sa trabaho ay ang huling hakbang, pagkatapos gawin ang pagsusuri ng panganib at walang nahanap na ligtas na paraan magmula rito. Para makaabot sa hakbang na ito ay napakaseryosong isyu sa lugar ng trabaho.

Ang Karapatan na Maprotektahan mula sa Paghihiganti (Manitoba)

Para sa mga employer na pinangangasiwaan ng lalawigan, tandaan na sa Manitoba, ang mga manggagawa ay may pang-apat na karapatan: ang karapatang maprotektahan mula sa paghihiganti. Ang ibig sabihin nito ay hindi maaaring parusahan ang mga manggagawa dahil sa paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng Manitoba Workplace Safety and Health Act. Mahalagang bahagi ito ng pagbuo at pagpapanatili ng isang matibay na kultura ng kalusugan at kaligtasan. Dapat maramdaman ng mga manggagawa na ligtas sila kapag sinasabi ang mga alalahanin sa kaligtasan o nagsasagawa ng mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan.

Kailangan ba ninyo ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro sa RPM lang. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, osapamamagitan ng pagbisitasaaming websitena www.rpmsafety.ca.

